


Tungkol sa paglipat sa pampublikong accounting ng mga gastos sa mga materyales ng pagtuturo sa paaralan at kindergarten, atbp. (Paunawa)

Mula Abril 2027, upang mabawasan ang pasanin ng mga guro at kawani ng paaralan at kindergarten, maging mas maginhawa para sa mga magulang/tagapag-alaga, at matiyak ang pagiging makatarungan at malinaw ng mga gastos sa mga materyales pang-edukasyon, atbp., pinaplano na ilipat mula sa "pribadong accounting," kung saan ang bawat paaralan at kindergarten ang nangongolekta at namamahala sa mga pondo, patungo sa "pampublikong accounting," kung saan ang Lungsod ng Sakai ang mangongolekta at mamamahala sa mga pondo. Ngunit, ang ilang mga gastos (*) ay patuloy na hahawakan sa ilalim ng "pribadong accounting."



■ Tungkol sa mga gastos sa materyales ng pagtuturo sa paaralan at kindergarten

Ang mga gastos sa materyales ng pagtuturo sa paaralan at kindergarten ay tumutukoy sa mga gastusing kinakailangan para sa mga aktibidad sa edukasyon ng mga paaralan at kindergarten na sinasagot ng mga magulang. (Mga halimbawa: mga workbook, drills, mga aklat na sanggunian, mga materyales sa praktikal na pagsasanay, mga gastusin sa field trip, atbp.)

Gaya ng dati, ang nilalaman ng mga materyales ng pagtuturo ay itinatakdang ng paaralan at kindergarten, kaya ang halaga ay mag-iiba depende sa paaralan o kindergarten, at antas ng baitang

*Kabilang sa mga gastos na hindi napapailalim sa pampublikong accounting ay ang mga direktang binabayaran ng mga magulang/tagapag-alaga sa mga manininda, pati na rin ang gastos sa mga school trip, PTA membership fee, at gastos sa mga aktibidad ng klab. Ang ilan sa mga gastos na ito ay patuloy na kokolektahin at pamamahalaan ng paaralan at kindergarten. Ang mga detalye ay ipapaalam ng paaralan at kindergarten sa susunod na akademikong taon.

■ Benepisyo sa mga magulang/tagapag-alaga ng paglipat sa pampublikong accounting

Dumadami ang mga institusyong pinansyal na nagpapahintulot ng direct debit (direktang pagbabayad) sa pagbayad sa Lungsod ng Sakai. Kung hindi posible ang direct debit (direktang pagbabayad), maaari magbayad gamit ang payment slip sa isang institusyong pinansyal o convenience store.

■ Tungkol sa mga paaralan at kindergarten na tinutugunan ng paglipat sa pampublikong accounting

Tinutugunan ang mga kindergarten, elementarya, junior high school (hindi kasama ang mga klase sa gabi), mga paaralan para sa mga may espesyal na pangangailangan, at mga senior high school na pinapatakbo ng Lungsod ng Sakai.

■ Tungkol sa mga prosesong isasagawa mula ngayon para sa paglipat sa pampublikong accounting

Ipamimigay ang "Application Form para sa Direct Debit Authorization" at impormasyon tungkol sa mga prosesong isasagawa sa pamamagitan ng paaralan at kindergarten sa ika-2 term, kaya magparehistro para sa direct debit (direktang pagbabayad).

Kahit na tumatanggap ng suporta tulad ng tulong publiko, tulong pinansiyal sa pagpasok sa paaralan, o tulong pinansiyal para insentibo sa pagpasok sa paaralan ng mga may espesyal na pangangailangan, atbp., maaari pa ring hilinging sagutin ang ilan sa mga gastos depende sa uri ng mga gastusin. Kaya, hinihiling na magparehistro para sa direct debit (direktang pagbabayad).

Bukod pa rito, kahit na nakapagparehistro na sa direct debit (direktang pagbabayad) ng mga bayarin sa tanghalian sa paaralan, kinakailangang magparehistro muli.

Hinihiling ang inyong patuloy na pag-unawa at kooperasyon tungkol sa mga gastos sa mga materyales ng pagtuturo, atbp.

■ Mga detalye at katanungan

Para sa mga detalye, tingnan lamang ang URL o 2D code sa ibaba.

https://www.city.sakai.lg.jp/kosodate/kyoiku/gakko/gakko-en_kyozaihi_kokaika.html

